Polytechnic University of the Philippines
College of Communication

ISSN 2945-4883 (Online)

# talastásan

## A PHILIPPINE JOURNAL OF COMMUNICATION AND MEDIA STUDIES

December 2022 Volume 1 Number 2



The Editorial Board

Table of Content

Editor's Note

Are young adults sensual in mobile dating apps? Constructed sexual scripts among Filipino youth
Jonalou SJ. Labor

Communicating gender responsiveness through the mainstreaming of indigenous textile T'nalak of T'boli weavers of Lake Sebu, South Cotabato
Robbie Jan Vincent T. Buelo & Edna T. Bernabe

Ang phallokrasiya ni Duterte sa midya bilang Mang Kanor ng politikang Pilipino
*The phallocracy of Duterte in media as Mang Kanor of Philippine politics*
Axle Christien J. Tugano & Mark Joseph P. Santos

Sexual inuendo in banned advertisement from the standpoint of gender and development advocates in Metro Manila
Samuela G. Caballero, Willy Ann E. Gulok, May Desiree I. Hulipas, Maureen Shari Q. Rapacon & Michaela D. Serrano

Risk and crisis communication on COVID–19 in Marikina and Pasig: The case of two Philippine cities
Ma. Pamela Grace C. Muhi & Rosa Bella M. Quindoza

Teknolohiyang Pampelikula at Estetika sa Maiikling Pelikula ng Cinemalaya Philippine Independent Film Festival (2005-2020)
*Film Technology and Aesthetics in Cinemalaya Philippine Independent Film Festival's Short Films (2005-2020)*
David R. Corpuz

Talastasan Call for Papers

Talastásan

A Philippine Journal of Communication and Media Studies
December 2022 Volume 1 Number 2

## Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Jeffrey R. Ancheta, Polytechnic University of the Philippines

**Managing Editor:** George Vincent Gamayo, Polytechnic University of the Philippines

**Editorial Assistants**
Rosa Bella M. Quindoza, Polytechnic University of the Philippines
Reynald Ramirez, Polytechnic University of the Philippines

**Editorial Board**
Analiza Resurreccion, De La Salle Lipa
David Corpuz, Mapua University
Edna T. Bernabe, Polytechnic University of the Philippines
Freddielyn Pontemayor, Central Mindanao University
Generoso Pamittan, Far Eastern University
Glenn Irvin Reynon, UST Angelicum College
Jerielyn V. Reyes, Polytechnic University of the Philippines
Kim Bernard Fajardo, Polytechnic University of the Philippines
Lenis Aislinn Separa, Polytechnic University of the Philippines-Bataan
Leslie Anne Liwanag, Central Luzon State University
Marynelle L. Rosales, Polytechnic University of the Philippines
Ma. Pamela Grace Muhi, Polytechnic University of the Philippines
Prestoline Suyat, Polytechnic University of the Philippines
Renalyn Valdez, Polytechnic University of the Philippines
Reynele Bren Zafra, Far Eastern University
Rock Bryan Matias, Polytechnic University of the Philippines
Rossana Manansala, Polytechnic University of the Philippines
Rudolf Anthony Lacerna, Polytechnic University of the Philippines

**Advisory Board**
Angelina E. Borican, Polytechnic University of the Philippines
Anna Ruby P. Gapasin, Polytechnic University of the Philippines
Carmencita L. Castolo, Polytechnic University of the Philippines
Feorillo Petronilo A. Demeterio III, De La Salle University
Hemmady S. Mora, Polytechnic University of the Philippines
Jackie D. Urrutia, Polytechnic University of the Philippines
Jonalou San Juan Labor, University of the Philippines Diliman
Rhoderick V. Nuncio, De La Salle University

# Table of Contents

Editorial Team

Table of Contents

Editor's Note

**Are young adults sensual in mobile dating apps? Constructed sexual scripts among Filipino youth**
*Jonalou SJ. Labor*
1-13

**Communicating gender responsiveness through the mainstreaming of indigenous textile T'nalak of T'boli weavers of Lake Sebu, South Cotabato**
*Robbie Jan Vincent T. Buelo & Edna T. Bernabe*
14-29

**Ang phallokrasiya ni Duterte sa midya bilang Mang Kanor ng politikang Pilipino**
***The phallocracy of Duterte in media as Mang Kanor of Philippine politics***
*Axle Christien J. Tugano & Mark Joseph P. Santos*
30-49

**Sexual innuendo in banned advertisement from the standpoint of gender and development advocates in Metro Manila**
*Samuela G. Caballero, Willy Ann E. Gulok, May Desiree I. Hulipas, Maureen Shari Q. Rapacon & Michaela D. Serrano*
50-63

**Risk and crisis communication on COVID–19 in Marikina and Pasig: The case of two Philippine cities**
*Ma. Pamela Grace C. Muhi & Rosa Bella M. Quindoza*
64-82

**Teknolohiyang pampelikula at estetika sa maiikling pelikula ng Cinemalaya Philippine Independent Film Festival (2005-2020)**
***Film technology and aesthetics in Cinemalaya Philippine Independent Film Festival's short films (2005-2020)***
*David R. Corpuz*
83-105

Talastásan Call for Papers

# Ang phallokrasiya ni Duterte sa midya bilang Mang Kanor ng politikang Pilipino *The phallocracy of Duterte in media as Mang Kanor of Philippine politics*

Axle Christien J. Tugano[1] & Mark Joseph P. Santos[2]
[1] *University of the Philippines Los Baños, Laguna*
[2] *Centro Escolar University, Manila*

**Abstrak.** Pinagtibay ng administrasyong Duterte ang pananangkapan sa mga birong itinuring na pampasiglang bilang sa tuwing kinakausap ng pangulo ang taumbayan sa midya. Kaya't tila isang melodramatiko o mala-teledramang inaabangan ng mga manonood at tagapakinig ang bawat pahayag ni Duterte habang pinamamayani ng huli ang mga 'birong' nagpapatingkad sa impunidad ng karahasan sa kababaihan, misogynista, at sexismo. Sa ilang pagkakataon, literal na ibinida ng populistang pangulo ang kaniyang phallus o titing nakatayo bilang larawan ng pagiging lalaki, matapang, at malakas at upang yurakan hindi lamang ang kababaihan ngunit para ipamukha ang 'kahinaan' ng mga kritiko. Kinalaunan, umusbong sa midya ang pagbabansag kay Duterte bilang 'Mang Kanor,' isang personalidad na ipinamamalas ang exhibisyonismo sa anyo ng mga pornograpikong bidyo. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang sosyo-politikal na aspektong umiinog kina Duterte at Mang Kanor at sa kung paano nila ginamit ang phallus upang magkaroon ng pamosong pagkakakilanlan sa midyang Pilipino.

**Mga Susing Salita.** Duterte, Mang Kanor, midyang Pilipino, phallokrasiya, phallus

**Abstract.** *The Duterte administration strengthen the instrumentalization of jokes, which is regarded as a form of entertainment whenever the president addresses the people through media. Thus, the audience melodramatically anticipates every statement of Duterte, while the latter proliferates 'jokes' which promotes impunity of violence against women, misogynism, and sexism. In some cases, the populist president literally promotes his phallus as an image of being man, courageous, and strong, and to persecute not only women but also to show the 'weakness' of his critics. Later on, the term 'Mang Kanor' emerged in media as a nickname for Duterte, a personality which caters exhibitionism in the form of pornographic videos. This study aims to analyze the socio- political aspect revolving around Duterte and Mang Kanor, and how they use the phallus in order to have an infamous identity in the Philippine media.*

**Keywords.** *Duterte, Mang Kanor, Philippine media, phallocracy, phallus*

# 1 Phallokrasiya bilang Sukdulang Anyo ng Patriarka

Mayroong isang sukdulang anyo ng patriarka na umiinog sa gloripikasyon sa ari ng lalaki - ang tinatawag natin sa Filipino na titi o boto, at penis naman sa Ingles. Ang sukdulang anyo na ito ay nakilala sa Kanluran bilang 'phallokrasiya,' na batay sa pinagsamang salitang Latin na phallus o Griyegong phallos (nangangahulugang penis na matigas o nakatayo) at Griyegong kratia (na ang ibig sabihin ay pamamahala o kapangyarihan). Literal itong nangangahulugang kapangyarihan ng titi o boto. Unang lumitaw ang salitang ito sa Pranses sa anyo ng tatlong salita: phallocratie, phallocrate at phallocratique. Orihinal na ginamit ang mga ito noong dekada 1930 sa konteksto ng sikoanalisis. Pagsapit ng dekada 1960 hanggang 1970, nakapasok ito sa diskurso ng mga Feminista at mga aktibistang nagsusulong ng karapatan ng mga bakla. Ginamit nila ito upang bigyang-kritika ang mga panlipunang istruktura na nagbibigay ng pribilehiyo sa mga may phallus (Kimmel, 2014). Ayon sa linggwistang si Schultz, mula 1975 hanggang 1977 ay nagsimulang hiramin ng Ingles sa Pranses ang mga ito sa anyo ng pangngalang phallocrat at phallocracy, at pang-uring phallocratic (Schultz, 2012, pp. 193-194).

Noong 1985, lumabas ang unang edisyon ng klasikong aklat ni Keuls na The Reign of the Phallus: Sexual Politics in Athens (1993). Ito ang kauna-unahang komprehensibong akda na naggiit na ang demokrasya ng mga sinaunang Griyego ay isang uri ng phallokrasiya. Aniya, sobrang laganap ng phallus sa sining ng mga Griyego, partikular na sa kanilang mga istatwa at mga pintadong palayok. Sa iba't ibang kultura ng daigdig ay laganap din naman sa mga likhang sining ang simbolismo ng phallus. Ngunit higit itong may kinalaman sa relihiyon at paniniwala. Halimbawa, ayon kay Wake, kaniyang hinalimbawa ang pagkakagamit ng sinaunang Ehipto sa phallus ng toro (bull) bilang simbolo ng pagkilala kina Osiris at Isis. Nariyan din si Padmipani o Buddha na lumabas sa sagradong lotus ngunit ang iba'y pinaniniwalaang phallus at yoni ito (Wake, 1870, pp. 201, 204, 212-213, 222-223).

Ngunit kompara sa kanila na ang depiksyon sa phallus ay instrumento ng paglikha ng buhay at pagsasanib ng lalaki at babae, sa sinaunang Griyego, ang phallus ay simbolismo ng sandata ng lalaki sa paglupig at pananaig sa babae. Ika-5 dantaon B.K. ang tinatayang pag-usbong ng phallokrasiya sa Gresya, ang parehong siglo ng paglitaw ng mga istatwa't pintadong palayok (psykter) na may simbolismo ng phallus (Marra at Clayton, 1993, p. 21). Liban sa mga istatwa't pintadong palayok, prominente rin ang phallus sa mga dula, tulad sa akda nina Aeschylus at Aristophanes (Feuerstein, 2003).

Kaalinsabay ng kalaganapan ng phallus sa mga istatwa, pintadong palayok, at dula ay ang pangingibabaw rin ng phallus sa pilosopiyang Griyego. Sa pamamagitan ni Aristotle, napatanyag ang paniniwala na ang puki ay isang 'di-ganap na titi (sa anyo ng tinggil [clitoris] na ipinagpapalagay na hindi nadebelop na titi), at samakatuwid, ang babae ay isang imperpektong lalaki (Siy, 2008). Sa sistemang phallokratiko ng mga sinaunang Griyego, ang phallus ang pinakamataas na batayan ng pagiging tao. Hinahati nito ang mga tao sa dalawang kategorya: yaong mga may phallus (na itinuturing na ganap na tao) at yaong mga walang phallus (na itinuturing namang 'di-ganap na tao) (Kimmel, 2014, p. 153). Ang kapangyarihan ng phallus bilang sandata ay hindi lamang limitado sa aspektong sekswal (sa anyo ng panggagahasa at prostitusyon), kundi sa halos lahat ng aspekto ng pampublikong pamumuhay (ibig sabihin, pananaig ng kalalakihang may phallus sa kababaihang walang phallus, halimbawa, sa larangan ng politika at ekonomiya) (Keuls, 1993, p. 2). Tulad ng nabanggit na, sa halip na simbolo ng ligaya sa parehong kasarian, sa konteksto ng isang phallokratikong lipunan, ang phallus ay tinitingnan bilang sandata ng karahasan ng lalaki laban sa babae.

Ang phallokrasiya ng mga sinaunang Griyego ay malalim na nakasandig sa genophobia o pagkatakot sa babae. Ang pagkatakot sa babae ng mga Griyego ay lantad sa kanilang mga alamat ukol sa digmaan nila sa mga Amazon (Feuerstein, 2003). Tumutukoy ang mga Amazon

sa mga babaeng mandirigma na kalaban ng mga Griyego. Kadalasang inilalarawan ang mga babaeng mandirigma na ito na nakasakay sa kabayo at lumalaban gamit ang pana. Bawat mga pangunahing bayani sa mga epiko't alamat ng mga Griyego (tulad nina Hercules, Theseus, at Achilles) ay kadalasang mayroong kuwento ng paglaban sa mga Amazon (Worrall, 2014). Tila baga mapapatunayan lamang nila ang kanilang kabayanihan at pagkalalaki kung magagapi nila ang mga Amazon.

Mayroong isang nakaligtas na pintang palayok na nagpapakita ng isang reynang Amazon (si Hippolyte) na itutusok ang kaniyang sibat sa nakaladlad na ari ng isang Griyegong lalaki (na malamang ay si Theseus). Ani Keuls, sa paningin ng isang lalaki, tila nagpapakita ito ng pagiging banta ng babae sa kaniyang pagkalalaki, na dahilan kung bakit kailangan niya itong gapiin. Mayroon ding mga pintadong palayok kung saan tinutusok naman ng sibat ng mga lalaking Griyego ang suso ng mga Amazon, na tila sinadya upang ipakita ang pagwasak nila sa pagkababae ng mga kalaban (Keuls, 1993, p. 4). Para kay Keuls at iba pang tulad niyang nagpapakadalubhasa sa klasikal na pag-aaral, nagpapakita ang mga ito ng pagkatakot sa babae ng mga Griyego. Nakikita nila ang mga babae na banta sa kanilang pagkalalaki. At ang pagkatakot na ito sa babae ang pinakasalalayan ng phallokrasiya:

> [T]his male fear existed as a social reality and formed part of the justification for phallocracy. As in the arguments for perpetual war to defend the integrity of the empire, Athenians apparently feared that any concession to women would lead to a collapse of the social order that men had built... Now we can add another element to the Athenian syndrome: a pervasive fear among men that, if they weakened the tenets of phallocracy, women might rise against them and in some sense destroy them (Keuls, 1993, p. 4).

Kadalasan ding iniuugnay ang phallokrasiya sa karahasan ng lalaki sa lipunan (Hertzog at Shadmi, 2019, p. 5). Ito ang dahilan kaya nalikha ni Lim ang terminong 'gun phallocracy.' Nabuo niya ito bilang kritika sa malaganap na pamamaril ng kabataan sa Estados Unidos, na humantong sa kamatayan ng napakaraming Amerikano. Para kay Lim, ang ganitong kultura ng pamamaril ay mayroong kaugnayan sa white supremacy at toxic masculinity na legasiya ng kolonyal na machismo (Lim, 2015; Ukockis, 2019, p. 116). Nakapaloob din sa gun phallocracy ang ari bilang simbolismo ng baril, na lalo pang nagpapatingkad sa pagkakaugnay ng pagkalalaki at karahasan. Mayroong isang rebyu si Callenbach hinggil sa The Deer Hunter (1978), isang pelikulang idinirihe ni Michael Cimino tungkol sa buhay ng mga Slaviko-Amerikano pagkatapos ng Digmaang Vietnam. Idiniin ni Callenbach ang ugnayan ng mga lalaki at baril sa anyo ng konseptong phallic gun, kung saan ang baril ay isang phallic symbol na kinasasangkapan ng lalaki upang magkaroon ng kapangyarihan, bumuo ng takot, at kalauna'y dominasyon (Callenbach, 1979, p. 20). Ani Callenbach, laganap sa Kanluran ang baril bilang trope ng phallus:

> [F]ascination with and fear of the phallus is a persistent theme of Western culture; but we must leave that to students of broad psychocultural phenomena, and content ourselves here with noting the relegation of women, in the word of the phallic nightmare, to secondary status. Women may be some slight palliative, but they are not a significant force. It is men who must cope with the beauty and horror of the gun, and men who compel other men to face its lethal danger (Callenbach, 1979, p. 21).

Samakatuwid, ipinantatakot ang baril o phallus, hindi lamang sa kababaihan ngunit maging sa kapwa-lalaki. Sa ganitong pagkakataon posibleng maipasok si Duterte. Kung tutuosin, hindi lamang misogynista, anti-kababaihan, at impunidad sa kababaihan ang nilalaman ng kaniyang mga pahayag. Kundi, niyuyurakan niya rin kapwa-lalaki gamit ang kaniyang mga phallokratikong pahayag. Ayon kay Vicente Rafael:

> [M]erging masculinity with misogyny, Duterte's phallocentric politics is central to his authoritarian imagination, using the image of his penis to put both men and women in their putative places (Rafael, 2020).

Mula sa mga umiiral na diskursong umiinog sa phallokrasiya na namalas sa itaas, maaaring bigyang-kahulugan ang phallokrasiya sa ganitong paraan: isa itong sukdulang anyo ng sistemang patriyarkal, na dumadakila sa phallus bilang batayan ng kapangyarihan at kasangkapan ng karahasan laban sa lahat ng walang phallus, isang sistemang binibigyang-katuwiran ng pagkatakot sa babae, bilang banta sa pagkalalaki, at/o pananakot na rin sa kapwa-lalaki ng mga phallokrata.

## 2 Si Duterte bilang Phallokrata

Sa konteksto ng kontemporanyong politikang Pilipino, matutunghayan din ang kairalan ng isang uri ng phallokrasiya. At ito ay mamamalas sa katauhan ng dating pangulo ng bansa na si Rodrigo Duterte. Prominente ang simbolismo ng phallus sa kaniyang mga pahayag, tulad ng ipakikita sa susunod na mga bahagi ng sanaysay na ito. Nariyan ang paulit-ulit niyang pagyayabang ukol sa laki at haba ng kaniyang phallus (na hanggang pusod daw niya at sinasampayan ng tuwalya), at pagbanat sa mga lalaking kalaban sa politika na hindi na tumatayo ang kanilang ari (i.e. Senador Francisco Tatad).

Gayumpaman, laganap din sa ibang lipunan ang pag-usbong ng lideratong nakatuon sa kanilang mga phallus. Maisisipi halimbawa sa teoristang si Mbembe ang kaniyang somatikong obserbasyon sa mga post-kolonyal na lider. Aniya, liban sa bibig (posibleng marumi o mouth and vulgarity) at tiyan (posibleng ang naglalakihang tiyan mula sa korap na pamumuhay), nagamit din ang phallus bilang trope ng kapangyarihan at pang-aapi (Mbembe, 1992, p. 23). Tulad din ng nabanggit, isa sa mga prinsipyo ng phallokrasiya ay ang paghahati sa mga tao sa dalawang kategorya: yaong mga may phallus at yaong mga walang phallus. Sa iskemang ito, ang mga may phallus lamang ang tinitingnan na ganap na tao, habang ang mga walang phallus ay isinasagilid sa lipunan. Ganito rin ang mapapansin sa phallokratikong kamalayan ni Duterte. Halimbawa, sa konteksto ng ispekulasyon ukol sa pagtakbo ng kaniyang anak na si Sara Duterte noong Enero 2021, binanggit niya sa publiko na hindi para sa mga babae ang pagkapangulo, dahil aniya sa pagkakaiba sa estadong emosyonal ng babae sa lalaki (Lema, 2021; tingnan din, Tugano, 2021a).

Napakarami pang ibang pahayag ni Duterte na nagpapakita ng kaniyang mababang pagtingin sa mga babae na umabot pa hanggang sa pandaigdigang balita at midya. Matatandaang may pang-ininsulto niyang tinawag bilang 'maiitim na babae' si International Criminal Court (ICC) Prosecutor Fatou Bensouda; 'skinny' at 'malnourished' si United Nations Human Rights Rapporteur Agnes Callamard; at kaniyang planong 'just pull her into a corner' para kay Christine Lagarde ng International Monetary Fund (IMF) (Regencia, 2018).

Malinaw rin sa phallokrasiya ni Duterte ang pagkakaugnay-ugnay ng phallus, kasarian, at karahasan. Tulad ng mga pintadong palayok ng mga sinaunang Griyego na nagpapakita ng pagtusok ng sibat sa suso ng mga Amazon bilang pagwasak ng mga lalaki sa kanilang pagkababae, nagpahayag isang beses si Duterte na barilin sa ari ang mga babaeng kasapi ng New People's Army (NPA) upang mawalan sila ng silbi (Ellis-Petersen, 2018). Ang kaniyang mga pahayag ukol sa panggagahasa ay naglalantad rin ng ganitong ugnayan ng phallus, kasarian at karahasan. Nariyan ang pagsasabi niya na 'mayor ang dapat mauna' sa konteksto ng panggagahasa sa isang Australyanang misyonero (Fernando, 2016); pagpapahayag sa mga sundalo na maaari silang manggahasa nang hanggang tatlong babae at siya ang bahalang managot para sa kanila (Reuters, 2017); pagbibiro sa publiko na minolestiya niya ang kanilang kasambahay noong binata pa siya (Rappler, 2018); at paglalahad na mananatili ang pag-iral ng panggagahasa hanggat may magagandang babae (O'Grady, 2018). Sa pamamagitan ng ganitong mga pahayag ukol

sa panggagahasa, iniluluklok ni Duterte ang phallus bilang makapangyarihang sandata na may karapatang komontrol at dumahas sa pribadong katawan ng mga walang phallus.

Maaari ring ilapat ang konsepto ng gun phallocracy ni Lim sa administrasyong Duterte, lalo na sa isyu ng extra-judicial killings (EJK). Sa namamayagpag na EJK, litaw na litaw ang pagkakaugnay ng karahasan at kulturang macho ng mga pulis. Ang kanilang mga baril ay tila mga phallus na lalong nagpapatatag ng dominasyon ng pagkalalaki ng mga pulis, laban sa walang kapangyarihang mga mamamayan.

Sa naunang bahagi ng papel, nabanggit na ang phallokrasiya ng mga Griyego ay nakasalalay sa genophobia o pagkatakot sa babae. Sa lohika ng demokrasyang Griyego, kailangang patuloy na lupigin ang mga babae dahil banta sila sa pagkalalaki ng mga Griyego, at banta rin sa sistemang nalikha ng kalalakihan. Natunghayan natin kung paanong ang mga bayani ng mga Griyegong alamat ay kailangang makipaglaban sa malalakas na Amazon upang mapatunayan ang kanilang pagkalalaki. Ang ganitong sintomas ng pagkatakot sa matatapang na babae ay kitang-kita rin sa kaso ni Duterte bilang isang phallokrata. Marami nang nakapansin na karamihan sa mga pangunahing kinakalaban ng dating pangulo ay mga malalakas na babae. Ayon sa Australyanang misyonero na si Patricia Fox, tila may problema si Duterte sa mga matatapang na babae (Corrales, 2018). Ayos lang sa kaniya ang mga babaeng nakakayan-kayanan niya, mga babaeng pumapayag sa kaniyang pangangandong, panghahalik, at birong panghihipo. Ngunit labis ang kaniyang pagpupursigi na lupigin ang mga babae, kapag ang mga ito'y matapang na bumabatikos sa kaniya, tulad nina Vice-President Leni Rodredo, Senador Leila de Lima, Punong Mahistrado Ma. Lourdes Sereno, Ombudsman Conchita Carpio-Morales, at Rappler CEO at Nobel Peace Prize Laureate Maria Ressa.

Kapag inilapat kay Duterte ang pag-unawa ni Keuls sa phallokrasiya, mababanaag na tila mandirigmang Griyego si Duterte na takot sa mga Amazonang gaya nina Leni, dahil banta sila sa kaniyang pagkalalaki bilang isang phallokrata. Tila isang babasaging baso ang pagkalalaki ni Duterte, na kailangan niya laging ipagtanggol sa pamamagitan ng paglaban sa mga matatapang na babae. Nilalantad ni Duterte sa madla ang kaniyang emosyon – i.e. galit, saya, at pagkadismaya. Naipaliwanag halimbawa nina Gustafsson at Hall ang konsepto ng political emotion at emotional politics, kung saan kanilang sinuri kung paano gumagana ang emosyon sa politika upang makakuha ng simpatya sa mga nanonood o nakikinig (Gustafsson at Hall, 2021, pp. 973-984). Hindi na bago sa politikang Pilipino ang paggamit ng emosyon sa hanay ng mga politiko. Halimbawa, nariyang makikita ang 'nagpapaawang' ikukulong dulot ng korapsyon; 'bait-baitan' upang makakuha ng simpatya; at 'galit-galitan' upang magmukhang matapang. Si Duterte ay isang sensitive leader. Ani Nery, sensitibo ang emosyon ni Duterte pagdating sa kritisismo, lalo na ang pagbatikos at pagpaparatang sa kaniyang paglabag sa karapatang tao (Nery, 2017). Makikita halimbawa sa isang pahayag ni Duterte sa Tagum City noong Mayo 18, 2017 ang estado ng kaniyang temperament. Aniya, What I did not get from my father was his patience. My father did not kill, not even rats. In my time, I did not kill rats, but people (Nery, 2017).

Kaya't malaki ang epekto ng emotional politics sa pagkilos ng bawat pinuno at awtoridad. Para sa ilang kritiko, naaabuso halimbawa ang zero tolerance ng ilang kapulisan na nasasangkot sa mararahas na pamamaril. Gaya ng phallus, ang baril ay sumikil sa karapatang pantao ng ordinaryong mamamayan. Matatandaan ang mga kaso ng police brutality na naitala sa midya. Katulad ng pamamaril kay Winston Lagos noong Abril 21, 2020 na inakusahang bumunot ng baril kaya't pinaputukan (Talabong, 2020); ang double-murder na pamamaril ni Jonel Nuezca sa mag-inang Sonia at Frank Gregorio sa Paniqui, Tarlac noong Disyembre 20, 2020 (Cabato, 2020); at kay Lilibeth Valdez ni Hensie Zinampan noong Mayo 31, 2021 (Bolledo, 2021).

Malaki ang kaugnayan ng phallus at baril, gaya ng binanggit na gun phallocracy. Nito lamang, bago bumaba sa pagiging pangulo si Duterte, nagpahayag itong sa oras ng pagtatapos ng kaniyang termino bilang pangulo, sasakay na lamang siya sa motorsiklo at maghahanap

at/o roronda ng mga hinihinalang sangkot sa droga at kaniya itong babarilin (Mendoza, 2022). Samakatuwid, kapwa habitwal na ginagamit ni Duterte ang phallus at baril sa pang-aapi ng tao. Kaya't sinang-ayonan ang obserbasyon ni Rafael hinggil sa bagay na ito. Aniya, ang phallus ay katulad ng mga baril na ginagawang materyal na sandata upang ipamalas at/o makakuha ng agarang pansin, suporta, atensiyon, at pagpupunla ng tinatawag na conviviality at vibrant atmosphere sa pagitan ni Duterte at mga taumbayang nakikinig (Rafael, 2021, p. 42). Kaya't dito rin maaaring ipasok si Duterte bilang Mang Kanor ng Politikang Pilipino.

## 3 Pagsasaidentidad kay 'Mang Kanor'

Ang pagiging phallokrata ni Duterte ay kapansin-pansin din sa isang pagbabansag sa kaniya na sumikat sa hanay ng kaniyang mga kritiko: 'Mang Kanor.' Ang Mang Kanor ay palayaw na ginamit ng isang matandang lalaki na gumagawa ng mga pornograpikong bidyo kasama ang isang mas nakababatang babae (ABS-CBN News, 2014). Marami sa mga bidyo na ito ay mabilis na lumaganap sa internet, na naging dahilan ng pagsikat ng 'Mang Kanor' bilang taguri sa mga matatandang lalaking nambibiktima ng mga batang babae. Madalas na itinutumbas ang Mang Kanor sa Ingles na katagang dirty old men (DOM) (TDT, 2020). Tinawag ito ni Saporta bilang language of ageism kung saan samo't saring trope ang umusbong noon sa korporang Ingles upang tukuyin ang matatandang lalaking nahuhumaling sa mga bata. Halimbawa rito ang old bag, old fart, old fogey, old fossil, old goat, old hog, dead wood, at over the hill (Saporta, 1991, p. 333). Gayumpaman, hindi laganap ang mga salitang ito sa lipunang Pilipino. Sa halip, malawakan nang tinanggap bilang konteksto at konsepto ang Mang Kanor bilang pangngalan o panukoy sa mga lalaking mataas ang ingklinasyon sa kamundohan at pakikipagtalik sa nakababatang kababaihan. Kaya't pansinin minsan sa kapaligiran na makakarinig ng ilang pahayag, pangungutya, at pagbibiro – i.e. Para kang si Mang Kanor, Lupet mo Mang Kanor. Isang bagay na nilinang at/o inimbento ng lipunan.

Ayon sa Filipino History, News and Classic Stories, si Mang Kanor ay kinilala bilang si Joel Lito Tiongson, 54 taong gulang at isinilang noong Hunyo 21, 1960. Bukod sa 'diumanong retiradong pulis,' nakilala siya sa mga malalaswang bidyo na kumakalat sa social media. Dagdag pa, 'pinaaaral' ang isa sa mga babaeng kasangkot sa isyung ito. Ilan sa kaniyang nabiktima ay dumulog sa awtoridad upang magsumbong. Ang ganitong depresyon ni Mang Kanor na noo'y 'nagtatago' ay nagdala 'diumano sa kaniyang kamatayan noong Hulyo 27, 2014 (Filipino History, News, and Classic Stories, 2015).

Ganoon na lamang ang kalaganapan ng negatibong konotasyon ng Mang Kanor na maging ang Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) ay napilitang bagohin ang pangalang 'Kanor' ng isang bagyo, matapos makatanggap ng mga katawa-tawang reaksyon mula sa publiko. Sa halip na Kanor, pinalitan na lamang nila ang pangalan ng isang bagyo noong 2014 ng 'Karding' (Lozada, 2014). Hindi talaga malinaw ang tunay na pagkakakilanlan ni Mang Kanor, bagaman may ilang batis na nagsasabing dati siyang pulis (Magno, 2015).

Gayumpaman, tinangkilik ng lipunan ang konseptong Mang Kanor. Nariyang makikita sa social media, sa anyo ng memes, bidyo, at iba pa. Higit na malaganap sa lahat ang memes (tingnan ang Figure 1) lalo pa't larawan ito ng panlipunang realidad at diskurso (Iloh, 2021, pp. 2-3) na maaaring magpatibay, sumagka, at tumaliwas sa anomang kaayosang dapat maging pamantayan ng lipunan.

Halimbawa, maisisipi ang naging pahayag ng Padayon Channel hinggil sa kalaganapan ni Mang Kanor sa diskursong Pilipino:

> [A]t sa kabilang banda nga ay maraming kabataan ang tuwang-tuwa at aliw na aliw at




Figure 1: Ilang halimbawa ng memes kaugnay kay Mang Kanor
(Meme Generator, 2022a; 2022b; 2022c; 2022d)

> lalo nilang hinangaan si Mang Kanor, kahit alam naman nating mali ang ginagawa nito na hindi na dapat kinukonsinti pa. At sa kabilang banda nga, sa kabila ng impluwensiya na kasikatan ni Mang Kanor ay makikita din ang iba't ibang mga memes na nagsulpotan sa internet na ginawa ng mga kabataan bilang katuwaan nila habang ang iba naman ay ginamit ang kaniyang legendary name para sa kanilang mga negosyo at kabuhayan... (Padayon Channel, 2021).

Kung susuriin ang ganitong laganap na katatawanan sa midya ay isang halimbawa ng tendentious jokes na tinukoy ng sikolohistang si Freud bilang obscene jokes na may katangiang satirikal at agresibo (Freud, 1905, pp. 131-141). Bagaman hindi sinasabing 'biro' ang anomang bagay kaugnay ng gawaing sekswal ngunit hindi pa rin maitatangging mabilis itong tinanggap ng lipunang Pilipino. Mula sa mga memes, pahayag ng ilan, at iba pa, kaagad na nagmarka ang katauhan ni Mang Kanor bilang konsepto at konteksto ng diskurso. Kaya't maging sa mga pelikula ay naipasok na rin si Mang Kanor bilang paksa. Ngayong 2022, nakatakdang ilabas ang pelikulang Mang Kanor (tingnan ang Figure 2) na pinagbibidahan ng batikang aktor at kontrabidang si Rez Cortez.

Ito ay idinirihe ni Greg Colasito at kasama ni Cortez ang iba pang aktor katulad nina Nika Madrid, Rob Sy, Seon Quintos, Emelyn Cruz, Via Veloso, Joni McNab, at Rain Perez (Olea, 2022). Sa isang pahayag ni Cortez, ginarantiya niyang hindi lamang ito simpleng pagsasabuhay ng isang kuwentong may kaugnayan sa sekswal na gawain ng isang matandang lalaki at batang babae. Hindi lantarang sinabi ng AQ Prime Entertainment na tungkol ang pelikula sa isang ispisipikong karakter. Sa halip, layunin ng pelikulang ito na turuan ang kabataan lalo na ang mga babae na huwag magtiwala basta-basta kaninoman (Severo, 2022). Mapapansin sa pahayag ni Cortez ang konsepto ng pakikiramay (compassion) at tulong. Aniya:

> [I]nitially, siyempre sabi ko nga, 'Kontrabida na naman,' di ba? Kontrabida pero hindi siya yung rapist na talagang animal or makahayup na karakter. Dahil si Mang Kanor ay tao rin. May pakiramdam, meron din siyang compassion. May pagmamahal. Pero yun na nga, baluktot. Kasi nga, ang sa kaniya, tumutulong siya pero may kapalit. Ang sa kaniya naman, nakakatulong siya, pero sa maling pamamaraan (Olea, 2022).

Kapansin-pansin ang konteksto ng pagtulong na may kaakibat na paggawa at kaambagan. Posible kayang harayain na isa sa mga dahilan kung bakit maraming tagapagtanggol si Duterte




Figure 2: Ang Pelikulang Mang Kanor
(Olea, 2022)


sa midya ay sa ingklinasyon ng ilang Pilipino na tila isang-syndrome na okay lang basta may nagagawa. Kadalasan itong naririnig o mababasa sa tuwing pinupuna ng ilang kritiko ang anti-kababaihan, misogynista, at malalaswang pahayag ng pangulo. Mahirap tanggapin sa kaugaliang Pilipino na tila-kinokonsinti ang mga negatibong kaasalan basta't 'may nagagawa' o 'nakakatulong' na katulad ni Mang Kanor – sa totoong buhay man o sa pelikula.

## 4 'Mang Kanor' ng Politikang Pilipino

Naging malaganap ang paggamit ng ilang kritiko sa Mang Kanor bilang bansag kay Duterte (de Vega, 2021; Hataw Tabloid, 2021). Isa marahil sa dahilan nito ay ang paralelismong nakita nila kay Mang Kanor at Duterte bilang kapwa matatandang lalaki na mahilig sa nakababatang babae. Dulot din ito marahil ng pagiging malaswa ng pananalita at pagkilos ni Duterte. Pero sa lente ng phallokrasiya, mayroong mas malalim na pising nag-uugnay kay Duterte at Mang Kanor. Pareho silang naglalantad ng phallus bilang pagpapatibay ng kanilang pagkalalaki sa publiko. Parehong exhibitionist ang pananaw nina Duterte at Mang Kanor sa phallus: na kailangan itong ipagmalaki sa publiko bilang sandata ng pananaig sa babae. Nag-bidyo si Mang Kanor samantalang parang artista si Duterte na laging pinanonood at inaabangan ng mga Pilipino (tingnan ang paliwanag sa pagiging 'celebrity' ni Duterte sa midya, Pertierra, 2017, pp. 219-229). Sa ganang ito, maaaring gamitin ang Mang Kanor bilang metapora ng partikular na uri ng pagiging phallokrata ni Duterte.

Laganap ang pagbabansag ng mga kritiko kay Duterte sa iba't ibang social media platforms bilang Mang Kanor. Halimbawa sa Twitter na kung saan 2018 pa lamang (tingnan ang Figure 3) ay binabansagan na siyang Mang Kanor. Tandaang 2017 unang maririnig sa pahayag ng pangulo ang tungkol sa kaniyang phallus. Liban pa ito siyempre sa kaniyang phallokratikong ideya sa susunod na taong 2019. Liban sa Mang Kanor, mapapansing tinawag din siya ng taumbayan bilang President Boy Finger, President Adik Fentanyl, at President Poong Nazeraan (tingnan

ang Figure 4).


[redacted]

Mang Kanor Duterte's latest outburst is a severe blow to the efforts of the Department of Health in addressing the soaring HIV infection rates in the Philippines.

A Human Rights Watch report published last Friday stated that the number of new HIV cases in the Philippines "jumped from only four a day in 2010 to 31 a day as of November 2017."

"From just 117 cases a decade ago, the total number of HIV cases as of November 2017 is 49,733, an overwhelming majority of which – 41,369, or 83 percent – were reported in the past five years alone," Human Rights Watch revealed.

The World Health Organization has explained that condoms are not just used to prevent pregnancy, but also to protect against sexually transmitted infections (STIs).

"A large body of scientific evidence shows that male latex condoms have an 80% or greater protective effect against the sexual transmission of HIV and other STIs," it says on its website. "Condoms are a key component of comprehensive HIV prevention."

8:16 AM · Feb 14, 2018 · Twitter Web Client

19 Retweets 1 Quote Tweet 37 Likes

Figure 3: Tawag na Mang Kanor noong 2018
(Twitter, 2018)


Tweet

Stop calling Duterte names like "boy finger", "mang kanor", "adik fentanyl", or "poong nazeraan."

It should be "President* Boy Finger", "President* Mang Kanor", "President* Adik Fentanyl", and "President* Poong Nazeraan." Correct titles and capitalization, please. Good morning!

7:04 PM · Mar 1, 2019 · Twitter Web Client

29 Retweets 4 Quote Tweets 203 Likes

[redacted] · Mar 1, 2019
Replying to [redacted]
Or "Mayor*..." as he doesn't want to feel his incompetency as a president.

[redacted] · Mar 1, 2019
Replying to [redacted]
Respek!

[redacted] · Mar 1, 2019
Replying to [redacted]
Ummm. I never ever see him as President. That title is only reserved for someone who's trustworthy and a TRUE leader.

Figure 4: Mang Kanor at iba pang bansag kay Duterte sa Twitter
(Twitter, 2019)

Kapansin-pansin ang Boy Finger, Fentanyl, at Poong Nazeraan na posibeng mabigyan ng pagpapaliwanag sa pagkakataong ito. Sa diskurso, mayroong konteksto kung bakit tumatatak sa kamalayan ng tao ang isang salita o bansag. Gaya ng Mang Kanor, paulit-ulit o habitwal nila itong nakikita, napapansin, naririnig, o napapanood. Marahil ang pinagmulan ng Boy Finger ay ang palagiang pagkompas ni Duterte sa kaniyang gitnang daliri (Fuck You Finger) upang ipakita sa kaniyang mga kaaway ang katapangan nito (tingnan din ang likod ng title page ng Rafael, 2021). Halimbawa na lamang noong unang taon ng kaniyang pamumuno, lantaran niyang minura sa daliri ang European Union (EU) na noo'y nagbibigay ng kritisismo sa lumalaking bilang ng pagpatay sa bansa kaugnay ng War on Drugs (AFP, 2016). Samantalang ang Fentanyl ay nagmula

sa gamot, kasabay ng sleeping pills na pinaiinom sa kaniya upang maibsan ang sakit ng kaniyang spine, na may epekto sa pagkakabagsak ni Duterte sa motorsiklo (Palatino, 2020). Panghuli, ang Poong Nazeraan ay mula sa Poong Nazareno ng Quiapo. Matatandaan noong nangangampanya pa lamang si Duterte, may isang tagpong pinapahid niya sa kaniyang katawan ang damit bago ito ihahagis sa mga taga-suporta (Fashion Pulis, 2016). Ang ganitong senaryo ay kadalasang makikita sa traslasyon ng andas ng Poong Nazareno tuwing buwan ng Enero, kung saan ang mga tao ay nakikipagsisiksikan, maipahid lamang ang kanilang panyo kay Kristo.

Gayundin sa Youtube, inilarawan bilang Mang Kanor upang tukuyin ang 'Pekeng Drug War' ng pangulo (tingnan ang Figure 5). Samantalang sa Facebook naman ay makakakita halimbawa ng pagturing sa Extra-Judicial Killings (EJK) bilang 'di-Kristiyanong gawain (tingnan ang Figure 6). Ang dalawang bagay na ito ay siyang kadalasang nagiging kritisismo ng marami kay Duterte lalo na ang mga human rights advocate, mambabatas, at relihiyoso.




Figure 5: Mang Kanor si Duterte sa Youtube
(YouTube, 2021)

Sa obserbasyon, hindi lamang mga kritiko ang nagbabansag kay Duterte bilang Mang Kanor. Gayundin ang kaniyang mga taga-suporta. Sa lahat ng social media platforms, Facebook ang siyang pinakamalaganap na ginagamit ng mga Pilipino. Ayon kay Etter, umakma ang panahon para kay Duterte dahil halos 97% aniya sa populasyon ng Pilipinas ay mayroong Facebook. Nang maihalal siya bilang pangulo ng Pilipinas sa edad na 71, pinakamatandang edad na naihalal na pangulo sa kasaysayan ng bansa, lumitaw sa social media at iba't ibang b/vlogger at tagasuporta ng administrasyon (Etter, 2017). Makakakita kung minsan ng mga taga-suporta na binabansagan nila mismo ang kanilang sarili bilang Mang Kanor.

Upang higit pang maunawaan ang pagiging exhibitionist ng phallokrasiya ni Duterte bilang Mang Kanor ng politikang Pilipino, mainam na talakayin sa susunod na bahagi ang malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng Kanluraning konsepto ng phallus at Pilipinong dalumat ng bayag (tingnan din, Tugano, 2022).





Figure 6: Mang Kanor si Duterte sa Facebook
(Facebook 2021)

## 5 Phallokratikong Pahayag ng 'Mang Kanor' ng Politika

Mahalaga ang pagpapaliwanag ni Rafael sa kaniyang dalawang artikulo (Rafael, 2020a; 2020b) at aklat The Sovereign Trickster: Death and Laughter in the Age of Duterte (Rafael, 2021, pp. 42-56), hinggil sa phallokratikong pahayag si Duterte sa iba't ibang pagkakataon. Binigyang linaw ni Rafael ang tendensiyang ito upang maobserbahan kung paano sinikil ni Duterte ang atrasadong kapaniwalaan para sa phallus na katulad ng baril ay ginagamit bilang sandata ng pananakot, pagyayabang, at panghahamak ng indibidwal. Tumatak sa taumbayan ang kaniyang pahayag noong 2019 kung kailan sinabi niyang ang kaniyang phallus ay halos lumagpas sa kaniyang pusod dahil sa haba. Tinawag niyang highly-equipped na tila bagang nagiging batayan ito ng pagkalalaki. Aniya:

> Sa totoo, ang lalaki is measured by his character. Hindi iyon pagwapo tapos wala ka namang (ayoko nang magsalita dito, nandiyan ang boss ko eh). Gwapo-gwapo ka diyan, tapos paglabas ng titi, maliit pala. Hindi man ako, una kong sabi rito sa mga. .. Puta, ayan yan? Ang liit naman. Ako bigyan ng Diyos ng ganoon kaliit, putulin ko 'yan sa harap ng altar. Hah. Tangina mo 'yan lang pala binigay mo, putulin na natin. Eh, kung sa dormitoryo nakita riyan kagaya namin. Sa YMCA, wala! Hubad lahat iyan, lakad-lakad ka riyan sa corridor, hubad 'yan. Sinong taga-YMCA dito? Wala 'yan tapis-tapis, tamo, diyan mo makita kapag kaumaga. Ako hindi ako nagyayabang. Mahirap na kasi magyabang kasi. Doon punta ako ng dormitoryo, ang tuwalya ko hindi ko ginaganon [sinasabit-sabit], pinapatong ko tapos lakad ako. Bilib sila, Putangina Duterte, tigasaway [tigasin]. Oh may buhay pa ba na taga-YMCA dito sa Pilipinas? Maraming nakikinig ngayon eh. 'Diba pabiliban tayo. Punta ng dormitoryo, nakahubad 'tas nakatuwalya. Ako, Putangina, sige mabilib kayo? Kasi noon, bata pa, nakaharap talaga sa langit halos eh. Pataas man. Naghahalikan na yung ulo doon sa pusod ko eh. 'Yun ang binigay. Pasalamat ako sa Tatay ko. At least pinalabas niya ako sa mundo, highly-equipped. Noon bata pa kami noong magpunta kami, doon sa mga babae, magtakbuhan. Nagtago. Ayaw namin yan oh, yang payat na yan. Ayaw nang huminto. Lugi sila (Sulit, 2019).

Makikitang nilapastangan niya ang kahulugan ng pusod. Sa kulturang Pilipino, maging sa ibang pamayanan, mahalaga at sagradong usapin ang pusod dahil ito ang pinagmumulan ng buhay, karugtong ng buhay, at nagdurugtong sa bayan at sa sarili (i.e. ang pagtatago at paglilibing ng pusod ng bagong panganak na sanggol). Ang pusod ay pinaghihiwalay upang magkaroon ng 'panibago' o 'naiibang' buhay ang isang tao. Gayumpaman, nagiging ahente rin ito ng pagdurugtong lalo sa mga magkakapatid (ka-patid o kahati); kaputol (na pinagmulan ng utol na naging Tol); at kabsat sa Ilokano. Naging mahalaga rin ang pusod sa Katipunan ni Bonifacio upang tingnan ang lahat ng kasapi ng Samahan bilang kapatid na mula sa Inang Bayan. (tingnan din, Tugano, 2022).

Nailagay din sa walang kabuluhang pahayag ang phallus na mas lalong sumasalungat sa bayag. Sa kasaysayan at kalinangang Pilipino, higit na pinahahalagahan ang bayag kumpara sa phallus dahil sa bayag ay may malaking pagpapahalaga bilang panloob na lakas (inner strength), gaya ng lakas ng loob, tibay ng loob, at katapangan. Sumasalungat ito kung gayon sa phallus na lunsaran lamang ng extroverted exhibitionism. Malinaw ang representasyon ng bayag sa tapang kaya't ang walang bayag at walang yagbols ay senyales ng karuwagan o yaong maitutumbas sa wikang Español bilang sin cojones (walang bayag) at cobarde (duwag). Gayundin, laganap din sa mga pelikula ang pagkakagamit sa bayag bilang representasyon ng tapang (i.e. pagpipitpitan ng bayag = pagtutuos ng lakas, pakikidigma, at anomang uri ng laban). Bayag din ang tinutukoy upang ilarawan ang isang lalaking may kakayahang humarap sa babae at sampu ng nakaatang na responsibilidad. Tingnan halimbawa kung bakit sinasabihan ang isang lalaking hindi pinapanagutan ang babaeng kaniyang naanakan (walang bayag na harapin ang responsibilidad). Kaya't ang phallokratikong tapang ni Duterte ay nasa anyo ng baril at/o pamamaril bilang panakot at 'gatilyong' ginagamit sa pang-aapi (tingnan din, Tugano, 2022).

Nito lamang, may isang mabigat na pelikula, ang pamagat ay Babae at Baril (2019) na idinirehe ni Rae Red. Kung babasahin, presentasyon ito sa unibersal na reyalidad (karahasan laban sa kababaihan) sa kontekstwal na karanasang Pilipino (tokhang o War on Drugs ng rehimeng Duterte). Malinaw ang paghahabi ng pelikula sa pagkalalaki at karahasan. Halimbawa, may subliminal na pag-uugnay sa pagitan ng phallus at baril. Tingnan ang dayalogo ng lalaki, na nasa katauhan ni Felix Roco sa gagahasaing si Janine Gutierrez, "gusto mong iputok ko sa'yo 'to (ari)" samantalang pag-uugnay sa babae at baril, kung saan sa pagganti ni Janine sa pamamagitan ng pagputok ng baril kay Felix sa bandang dulo ng pelikula. Kung tutuosin, sakto ito sa phallokrasiya ni Duterte bilang kapwa sexista at arkitekto ng mararahas na giyera-kontra-droga.

Ibinandera ni Duterte ang kaniyang phallus na maaaring sampayan ng tuwalya, kayat sa social media, makikita ang isang tugon ng Ang Lagalag (tingnan ang Figure 7 & 8) na nagsasabing malaki man ang titi niya, wala naman siyang bayag na aminin ang totoo (Ang Lagalag, 2019). Sinasang-ayon ng memes na ito ang binabanggit na argumento sa itaas na magkaiba ang kalikasan ng bayag at phallus. Inisa-isa dito sa mala-tulang 'Kay Prisidinti Dutiti' ang dahilan kung bakit wala aniya bayag (o tapang ang pangulo):

1. Ang paglaki ng oportunidad ng trabaho sa sariling bayan
2. Ang paglaki ng aming maliit na sahod
3. Ang pagtayo ng aming bandila sa WPS (West Philippine Sea)
4. Ang matigas na paninindigan sa ating kalayaa't soberanya
5. Ang paghuli sa malalaki at totoong druglords
6. At ang paliwanag sa mabilis na paglaki ng inyong yaman

> Iyan po ang gusto naming marinig Hindi ang paglaki, pagtigas at pagtayo ng inyong titi (Ang Lagalag, 2019).




Figure 7: Representasyon sa Phallus ni Duterte
(Ang Lagalag, 2019)



Figure 8: Hinggil sa Talumpati ni Duterte
(Ang Lagalag, 2019)

Gayumpaman, hindi ito ang unang beses na maririnig mula kay Duterte ang biro hinggil sa kaniyang phallus. Taong 2017 pa lamang nang pasaringan niya si Senador Francisco Tatad matapos maglabas ang huli ng mga 'pekeng balita' tungkol sa kalusugan ni Duterte (Tatad, 2017). Hayag dito na hindi lamang sa babae ginamit ni Duterte ang kaniyang mga phallokratikong pahayag, ngunit maging sa kapwa-lalaki rin. Layunin ng kaniyang pahayag na iparating kay Tatad ang kawalan nitong kakayahan para sa utog. Aniya:

> Pumunta daw ako ng China, nagpaggamot ako. Sa inis ko sabi ko, pumunta ako ng China, totoo 'yan! Nagpahospital ako, nagpatuli ako ulit. Kasi yung tuli ko noong Grade 3 lang ako, ganun naman (pinupokpok). Pinalinis ko para round talaga. Tatad, baka ikaw yung supot (News5Everywhere, 2017).

Masusundan muli ito noong 2019 kung saan ipinaliwanag ni Duterte ang kaugnayan ng sakit sa hindi pag-utog o 'pagtayo' ng isang ari, kahit sabihing wala itong pinagbabatayang siyentipikong paliwanag. Aniya:

> Sabi niya naoperahan daw ako sa Kidney tapos ganoon, tapos may Cancer daw ako. Araw-araw niyang sinusulat 'yun sa column niya. Ako naman sa katagalan, nagduda na tuloy ako kung mayroon. Kaya bago pa ako maligo, hinahawakan ko puwit ko, inaamoy ko. Amoy igit pala ito. Malaman mo naman Cancer kasi... You know, Cancer simply means your body is rotting. Your body is eating itself. Gayun yan eh sirain niya muna tapos papasok na Immune System mo, pasok na bacteria saka birus [virus] kaya ka nagka-Cancer. Ikaw putangina ka Tatad. Ikaw Tatad. Ang sakit mo alam ko at kilala ko Doctor mo. Sabi niya ikaw may Advanced na ang Diabetes mo. Kaya sabi niya, Tatad-o, 'di na mautugan [sabay taas ng mikropono, mahabang katahimikan]. Ang may Diabetes na tao ay ganun na (hindi na tumatayo) (binaba ang mikropono) (Pinas News, 2019).

Ang konsepto ng utog o uttog ay literal na sumasalamin sa pagtigas, pagtayo, o pagtindig ng ari. Gayumpaman, para sa ibang etnolinggwistikong wika, ang uttog ay kasingkahulugan ng libog na isa ring mahalagang konsepto ng mga Pilipino (tingnan din, Tugano, 2021b; Tugano, 2022). Para sa iba, maaaring malibogan ngunit hindi maaaring mautugan. Ngunit, kailangang maipaliwang ang simbayotikong ugnayan ng dalawa sa kalinangan at kapaniwalaang Pilipino. Matagal nang dinalumat ni Salazar ang konsepto ng libog o orag (Bikolano) bilang ugnayan at/o pag-uugnay ng dalawang tao bilang símbolo ng pakikipagkapwa. Ang pakikipagtalik o paniniig ay isang halimbawa ng ugnayan ng kapwa at/o dalawang tao. Kadalasan ito aniya sa mga magkakairog, kabiyak, at sa kalaguyo (Salazar, 2008).

Kung gayon, ang anomang phallokratikong pahayag ni Duterte kaugnay sa kaniyang phallus, utog, at iba pa ay walang pinagbabatayang kalinangan o sumasagka pa nga sa mga mahahalagang konseptong taal sa Pilipinas. Kaya't tama sa unang banda ang paralelismong ipinataw sa kaniya bilang Mang Kanor ng politikang Pilipino. Ginagamit ang phallus bilang bahagi ng kanilang extroverted exhibitionism at lumabas sa mas mahalaga at kapaki-pakinabang na bayag na larawan ng inner strength. Sa totoong buhay, wala ring bayag si Mang Kanor (ang orihinal) dahil gaya ng nabanggit, diumano'y 'nagtago' ito sa awtoridad upang takasan ang kaniyang pananagutan. Gayundin ang representasyon ni Duterte na katulad ng nabanggit sa itaas ay mayroong responsibilidad na kailangan sanang pagtuunan ng pansin.

## 6 Kongklusyon

Sa mga tinalakay sa itaas, maigigiit na mayroong manipestasyon kay Duterte ang mga sintomas ng phallokrasiya bilang sukdulang anyo ng patriarka. Nabanggit natin na ang penomenong ito na nagsimula sa demokrasya ng sinaunang Gresya ay kinakarakterisa ng ilang pangunahing bagay tulad ng pagdakila sa phallus bilang batayan ng kapangyarihan at kasangkapan ng karahasan laban sa lahat ng walang phallus, isang sistemang binibigyang-katuwiran ng pagkatakot sa babae, bilang banta sa pagkalalaki, at/o pananakot na rin sa kapwa-lalaki ng mga phallokrata. Lahat ng ito ay makikita kay Duterte. At nag-anyo ito sa metapora ni Mang Kanor, ang masasabing lokalisadong bersyon ng phallokrasiya.

Ang genophobia na talamak sa mga bayani ng mga Griyegong alamat ay matutunghayan kay Duterte, partikular sa tendensya niya na makipagsagupaan sa mga Amazonang Pilipina tulad nina Robredo, De Lima, Sereno, at iba pa. Tulad nina Theseus, tila laging kailangang protektahan ni Duterte ang kaniyang pagkalalaki sa pamamagitan ng paglaban sa mga matatapang na babae.

Tulad rin ng mga Griyego, hindi tinitingnan ni Duterte ang ari ng lalaki bilang instrumento ng paglikha ng buhay at tagapagbigay ng ligaya, bagkus, ang phallus para sa kaniya ay sandata upang dahasin at lupigin ang mga walang phallus. Malinaw ito sa kaniyang wika (hal. mga biro sa panggagahasa, paglalahad na barilin sa ari ang mga babaeng NPA), kilos ('diumanong pangmomolestiya sa kasambahay, biro man o hindi) at polisiya (EJK ng kapulisan). Itong huling nabanggit ay isa pang patunay sa pagiging phallokrata ni Duterte, lalo na kung ikokonsidera ang subliminal na pagkakaugnay sa pagitan ng phallus at baril (bilang kapwa instrumento ng karahasan).

Sa persepsyon ng mga Pilipino, ang pagiging phallokrata ni Duterte ay nagkaroon ng konkretong hugis sa metapora ni Mang Kanor. Naging malaganap ang pagbabansag nito sa kaniya, lalo na marahil sa pagkakatulad nila sa extroverted exhibitionism ng kanilang ari bilang pagpapatunay sa kanilang kapangyarihan bilang may phallus. Bagaman hindi masyadong ginagamit ang bansag na ito kay Duterte sa mga akademikong lathalain at mga peryodiko, malaganap ang pagbabansag na ito sa mga espasyo ng social media. Liban sa isang artikulo nina Alingasa at Ofreneo na tinatawag ng mga gender advocate mula sa #Babaeako si Duterte bilang sexual predator at Mang Kanor (Alingasa at Ofreneo, 2021, p. 596).

Ang phallokrasiya ni Duterte bilang Mang Kanor ng politikang Pilipino ay malinaw na gumigitgit sa kalinangang bayan. Ang pasinasyon niya sa phallus bilang sandata ay tumataliwas sa higit na pagpapahalaga ng mga Pilipino sa bayag. Kung ang phallus ay panlabas na pagpapakitang-gilas lamang ng mga phallokrata, ang bayag ay simbolo ng tapang o lakas ng loob. Hindi siguro nagkataon lamang na bilang isang phallokratang nakatuon sa phallus, 'walang bayag' o walang tapang si Duterte. Matapang lang siya sa mga kinakayan-kayanan niyang mga babae na mas mahina sa kaniya (tulad halimbawa ng kasambahay o iba pang kababaihang naging palamuti ng kaniyang mga misogynistang pahayag na tinuran niyang 'pampasiglang bilang'), pero hindi sa mga 'Amazonang Pinay.' Matapang lamang siya sa mga sektor na magagamitan niya ng kapangyarihan (hal. tradisyonal na oposisyon, simbahan, mga aktibista), pero yumuyukod sa mga makapangyarihang puwersa tulad ng Tsina, na ipinangako niya noon na haharapin niya nang buong katapangan sa harap ng pangangamkam ng teritoryo sa Kanlurang Dagat ng Pilipinas. Marami ring Pilipino ang nangutya sa kaniya ng 'walang bayag' nang takasan niya ang debate kay Antonio Carpio bagaman siya ang naghamon (Baizas, 2021). Ang lahat ng ito ay dagdag na patunay sa pagiging taliwas ng pagka-phallokrata ni Duterte sa kalinangang Pilipino, partikular sa dalumat ng bayag bilang simbolismo ng tapang at lakas ng loob.

Kung tutuosin, dumarami na ang pag-aaral ukol sa sexismo ni Duterte. Pero isang aspekto ng sexismong ito ang preliminaryo pa lamang na nahuhukay: ang phallokrasiya ni Duterte. Ang kabanatang ito ay bahagi ng ganitong preliminaryong paghuhukay, at yamang preliminaryo pa lamang, siguradong marami pang maaaring masiyasat sa paksang ito.

## 7 Pasasalamat

Pinasasalamatan ng mga may-akda si Dr. Zeus A. Salazar, *Ama ng Pantayong Pananaw* para sa kaniyang mga paggabay at payo hinggil sa paksa.

## References

[1] ABS-CBN News. (2014). "Viral: Who is Mang Kanor?" ABS-CBN News. Setyembre 2. https://news.abs-cbn.com/lifestyle/09/02/14/viral-who-kanor.

[2] AFP. “Philippines’ Duterte Gives Middle Finger to EU.” (2016). The Guardian. Setyembre 21. https://guardian.ng/news/philippines-duterte-gives-middle-finger-to-eu/.

[3] Alingasa, A.P. & M.A. Ofreneo. (2021). “Fearless, powerful, Filipino: Identity Positioning in the Hashtag Activism of #BabaeAko.” Feminist Media Studies Vol. 21, blg. 4: pp. 587-603.

[4] Ang Lagalag. (2019). “Malaki man ang Titi Niya.” Facebook. Abril 9. https://www.facebook.com/AngLagalagPH/photos/malaki-man-ang-titi-niya-wala-naman-siyang-bayag-na-aminin-ang-totoo-duterte-inu/1284794631677677/.

[5] Baizas, G. (2021). “#DuterteDuwag? Netizens Weigh in on Duterte vs Carpio Debate Challenge.” Rappler. Mayo 8. https://www.rappler.com/nation/netizens-reaction-duterte-carpio-debate-challenge/.

[6] Bolledo, J. (2021). “Cop who Killed 52-Year-Old Woman in QC Faces Murder Complaint, Admin Case.” Rappler. Hunyo 3. https://www.rappler.com/nation/cop-kills-woman-lilybeth-valdez-quezon-city-may-31-2021/.

[7] Cabato, R. (2020). “Philippine Police Officer Fatally Shoots Mother and Son on Camera.” The Washington Post. Disyembre 21. https://www.washingtonpost.com/world/asia_pacific/philippines-police-brutality-mother-shot/2020/12/21/0a5f9762-4358-11eb-ac2a-3ac0f2b8ceeb_story.html.

[8] Callenbach, E. (1979). “Phallic Nightmares.” Film Quarterly Vol. 32, No. 4: pp. 18-22.

[9] Corrales, N. (2018). “Women in A Man’s World: Duterte and His Fiercest Female Critics.” Inquirer.Net. Hulyo 22. https://newsinfo.inquirer.net/1012741/women-in-a-mans-world-duterte-and-his-fiercest-female-critics.

[10] De Vega, J.M. (2021). “Ang Community Pantry bilang Sampal at Rebelyon.” Rappler. Abril 21. https://www.rappler.com/voices/ispeak/opinion-community-pantry-slap-face-rebellion/.

[11] Ellis-Petersen, H. (2018). “Philippines: Rodrigo Duterte Orders Soldiers to Shoot Female Rebels ’in the Vagina.’” The Guardian. Pebrero 13. https://www.theguardian.com/world/2018/feb/13/philippines-rodrigo-duterte-orders-soldiers-to-shoot-female-rebels-in-the-vagina.

[12] Etter, L. (2017). “What Happens When the Government Uses Facebook as a Weapon?” Bloomberg. Disyembre 7. https://www.bloomberg.com/news/features/2017-12-07/how-rodrigo-duterte-turned-facebook-into-a-weapon-with-a-little-help-from-facebook.

[13] Facebook. (2021). E yung pagsuporta mo ka Mang Kanor Poong Nazeraang Sto. Rodrigo Roa Duterte at sa EJK di ba UNCHRIST, Facebook. https://ne-np.facebook.com/vashmellow/videos/e-yung-pagsuporta-mo-ka-mang-kanor-poong-nazeraang-sto-rodrigo-roa-duterte-at-sa/2975601076019425/?__so__=permalink&amp%3B__rv__=related_videos.

[14] Fashion Pulis. (2016). “Presidential Candidate Rody Duterte Wipes Off Sweat with Handkerchieves Then Throws Them to the Crowd.” Fashion Pulis. Mayo 1. http://www.fashionpulis.com/2016/04/presidential-candidate-rody-duterte.html.

[15] Fernando, E. (2016). "Sa Pag-rape sa Australyana: 'Dapat Mayor ang Mauna' – Duterte." Philstar. Abril 17. https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2016/04/17/1573960/sa-pag-rape-sa-australyana-dapat-mayor-ang-mauna-duterte.

[16] Feuerstein, G. (2003). Sacred Sexuality: The Erotic Spirit in the World's Great Religions. Vermont: Inner Traditions.

[17] Filipino History, News and Classic Stories. (2015). "The Death of Internet Legend Mang Kanor: Suffered Heart Attack." Facebook. Setyembre 21. https://www.facebook.com/pinoyhistory/photos/the-death-of-internet-legend-mang-kanor-suffered-heart-attacka-shocking-event-ha/404517286425980/.

[18] Freud, S. (1963). Jokes and their Relation to the Unconscious. New York: Norton.

[19] Gustafsson, K. & T. Hall. (2021). "The Politics of Emotions in International Relations: Who Gets to Feel What, Whose Emotions Matter, and the 'History Problem' in Sino-Japanese Relations." International Studies Quarterly Vol. 65, No. 4: pp. 973-984.

[20] Hertzog, E. & E. Shadmi. (2019). "Introduction: Perspectives on the Sex Industry in Israel." Nasa Prostitution, Pornography and Trafficking in Women Israel's Blood Money, mga pat., E. Hertzog & E. Shadmi (pp. 1-24). London: Routledge.

[21] Iloh, C. (2021). "Do it for the Culture: The Case for Memes in Qualitative Research." International Journal of Qualitative Methods Vol. 20: pp. 1-10.

[22] Keuls, E. (1993). The Reign of the Phallus: Sexual Politics in Ancient Athens. Berkeley: University of California Press.

[23] Kimmel, M, C. Milrod, & A. Kennedy, mga pat. (2014). Cultural Encyclopedia of the Penis. New York: Rowman & Littlefield.

[24] Lema, K. (2021). "Philippines' Duterte Says Presidency No Job for a Woman." Reuters. Enero 14. https://www.reuters.com/article/us-philippines-duterte-idUSKBN29J21U.

[25] Lim, E.B. (2015). "Trigger Warning: Toxic Masculinity in the U.S. Gun Phallocracy." BullyBloggers. https://bullybloggers.wordpress.com/2015/08/02/toxic-masculinity-in-the-u-s-gun-phallocracy/.

[26] Lozada, B. (2014). "'Karding' Makes Cyclone List as 'Kanor' Gets Censored." Inquirer.Net. Setyembre 3. https://newsinfo.inquirer.net/635045/karding-makes-cyclone-list-as-kanor-gets-censored.

[27] Magno, A. (2015). "Readers Prefer Familiar Politicians for President." CNN Philippines. Abril 26. https://www.cnnphilippines.com/news/2015/04/26/CNN-Philippines-poll-Readers-prefer-familiar-politicians-for-president.html.

[28] Marra, K. & B. Clayton. (1993). "Phallocracy and Phallic Caricature: Reviewing the Iconography of Greek Comedy." Theatre Survey Vol. 34: pp. 5-21.

[29] Mbembe, A. (1992). "Provisional Notes on the Postcolony." Africa: Journal of the International African Institute Vol. 62, No. 1: pp. 3-37.

[30] Meme Generator. (2022a). Little Girl Running Away, Meme Generator. https://memegenerator.net/instance/44685715/little-girl-running-away-mang-kanor-takbo.

[31] Meme Generator. (2022b). Kilala mo yan, idol niya si Mang Kanor, Meme Generator. https://www.memecreator.org/meme/kilala-mo-yan-idol-nya-si-mang-kanor/.

[32] Meme Generator. (2022c). Mayor Lim Meme, Meme Generator. https://memegenerator.net/instance/35526254/mayor-lim-meme-hoy-ikaw-bata-ni-mang-kanor.

[33] Meme Generator. (2022d). Mang Kanor magbago ka na, Meme Generator. https://memegenerator.net/instance/43903955/miriam-santiago-kagaguhan-mang-kanor-magbago-kana.

[34] Mendoza, J.E. (2022). "Motorbike-riding Duterte to Hunt for Criminals after His Term." Inquirer.net. Mayo 7. https://newsinfo.inquirer.net/1593464/motorbike-riding-duterte-to-hunt-for-criminals-after-his-term.

[35] Nery, J. (2017). "On the ICC and Duterte's 'Sensitivity.'" Philippine Daily Inquirer. Mayo 23. https://opinion.inquirer.net/104228/icc-dutertes-sensitivity.

[36] News5Everywhere. (2017). "Pres. Duterte, Sinagot ang mga Hirit ni Dating Sen. Kit Tatad." Youtube. Pebrero 9. https://www.youtube.com/watch?v=yfXzYi4FxbI.

[37] O'Grady, S. (2018). "Philippines President Duterte Condemned for Saying 'as Long as There are Beautiful Women, There will be Rape." Independent. Setyembre 1. https://www.independent.co.uk/news/world/asia/rodrigo-duterte-rape-philippines-president-sexual-assault-davao-a8518186.html.

[38] Olea, J. (2022). Rez Cortez, 66, on doing love scenes in first title role: "Si Mang Kanor, nag-breast exposure rin, PEP, Hunyo 6. https://www.pep.ph/guide/movies/166130/rez-cortez-mang-kanor-a4113-20220606.

[39] Padayon Channel. (2021). "Sino nga ba si Joel Lito Tiongson o 'Mang Kanor? — Padayon Channel." Padayon Channel. Abril 8. https://wn.com/mang_kanor_%7C_the_untold_story_movie_teaser.

[40] Palatino, M. (2020). "Rodrigo Duterte: The Weak Strongman of the Philippines." The Diplomat. Setyembre 21. https://thediplomat.com/2020/09/rodrigo-duterte-the-weak-strongman-of-the-philippines/.

[41] Pertierra, A.C. (2017). "Celebrity Politics and Televisual Melodrama in the Age of Duterte." Nasa A Duterte Reader: Critical Essays on Rodrigo Duterte's Early Presidency, pat. N. Curato (pp. 219-229). Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

[42] Pinas News. (2019). "President Duterte: 'Tatad, Alam ko ang Sakit mo!'" Youtube. Marso 28. https://www.youtube.com/watch?v=f3SJD-RLc5s.

[43] Rafael, V. (2020a). "[OPINION] Duterte's Phallus, Part 1: Junk Politics." Rappler. Setyembre 17. https://www.rappler.com/voices/thought-leaders/opinion-duterte-phallus-part-1/.

[44] Rafael, V. (2020b). "[OPINION] Duterte's Phallus, Part 2: His Favorite Joke." Rappler. Setyembre 17. https://www.rappler.com/voices/thought-leaders/opinion-duterte-phallus-part-2/.

[45] Rappler. (2018). "Duterte 'Confesses' He Molested Their Maid as a Teen." Rappler. Disyembre 30. https://www.rappler.com/newsbreak/inside-track/219935-duterte-teen-molested-maid/.

[46] Rafael, V. (2021). The Sovereign Trickster: Death and Laughter in the Age of Duterte. Durham: Duke University Press.

[47] Regencia, T. (2018). "#BabaeAko: Philippines' Duterte 'Intimated by Strong Women. Aljazeera, Mayo 30. https://www.aljazeera.com/news/2018/5/30/babaeako-philippines-duterte-intimidated-by-strong-women.

[48] Reuters. (2017). "Rodrigo Duterte Jokes to Soldiers that They can Rape Women with Impunity." The Guardian. Mayo 27. https://www.theguardian.com/world/2017/may/27/rodrigo-duterte-jokes-to-soldiers-that-they-can-women-with-impunity.

[49] Salazar, Z. (2008). Sikolohiya ng Sarap, Ligaya, at Ginhawa. Papel na binasa sa 33rd Komperensiya ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, Angeles City, Pampanga.

[50] Saporta, S. (1991). "Old Maid and Dirty Old Man: The Language of Ageism." American Speech Vol. 66, No. 3: pp. 333-335.

[51] Schultz, J. (2012). Twentieth Century Borrowings from French to English: Their Reception and Development. United Kingdom: Cambridge Scholars Publishing.

[52] Severo, J.M. (2022). "Rez Cortez is Mang Kanor in Upcoming Film Showing on Newest Filipino Streaming Site. Phil Star Global. Hunyo 6. https://www.philstar.com/entertainment/2022/06/06/2186472/rez-cortez-mang-kanor-upcoming-film-showing-newest-filipino-streaming-site.

[53] Siy, B. (trans). (2008). Pukiusap. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.

[54] Sulit, P.M. (2019). "Duterte Talks about His Penis in Public." Youtube. Abril 9. https://www.youtube.com/watch?v=YW8ZN4E8Cgs.

[55] Talabong, R. (2020). "Who is Winston Ragos, the Former Military Man Killed by Police?" Rappler. Abril 23. https://www.rappler.com/newsbreak/iq/258845-things-to-know-winston-ragos-former-soldier-killed-by-police/.

[56] Tatad, F. (2017). "Did DU30 visit Guangzhou's Fuda Cancer Hospital?" The Manila Times. Enero 9. https://www.manilatimes.net/2017/01/09/editorspicks/topanalysis/du30-visit-guangzhous-fuda-cancer-hospital/305908.

[57] TDT. (2020). "Mang Kanor Lagot Ka!" Tribune. Setyembre 21. http://35.229.131.69/index.php/2020/09/21/mang-kanor-lagot-ka/.

[58] Tugano, A.C. (2021a). "Formalistikong Paglalandas sa Ginto't Pilak (2021) nina Hidilyn Diaz at Eugene Evasco Tungo sa Pagpapahalaga sa Kinestetika at Palakasan ng Kababaihang Pilipino." Mabini Review Vol. 10, No. 1: pp. 85-101.

[59] Tugano, A.C. (2021b). Isang Semantikong Pag-aaral sa Ligaya at Libog sa Kalinangang Pilipino. Unpublished Manuscript. University of the Philippines Los Baños.

[60] Tugano, A.C. (2022). Ang Popularidad ng Phallic Jokes: Isang Kritikal na Pag-susuri sa mga Phallokratikong Pahayag ni Rodrigo Duterte sa Midya. Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society. Advance online publication. https://doi.org/10.52518/2022-13tgno.

[61] Twitter. (2018). Mang Kanor Duterte's latest outburst is a severe blow to the efforts of the Department of Health in addressing the soaring HIV infection rates in the Philippines, Twitter, Pebrero 14. https://twitter.com/brujadeldemonio/status/963763772035801088.

[62] Twitter. (2019). Mang Kanor Duterte's latest outburst is a severe blow to the efforts of the Stop calling Duterte names like ”boy finger”, ”mang kanor”, ”adik fentanyl”, or ”poong nazeraan, Twitter, Marso 1. https://twitter.com/superficialgzt/status/1101634302691794949?lang=en.

[63] Ukockis, G. (2019). Misogyny: The New Activism. New York: Oxford University Press.

[64] Wake, S. (1870). “The Influence of the Phallic Idea in the Religions of Antiquity.” The Journal of Anthropology Vol. 1, No. 2: pp. 97-105.

[65] Worrall, S. (2014). “Amazon Warriors Did Indeed Fight and Die Like Men.” National Geographic. Oktubre 29. https://www.nationalgeographic.com/history/article/141029-amazons-scythians-hunger-games-herodotus-ice-princess-tattoo-cannabis.

[66] Youtube. (2021). PEKENG DRUG WAR NI RODRIGO DUTERTE aka MANG KANOR NG PILIPINAS, Youtube, Marso 28. https://www.youtube.com/watch?v=GgJDbQKySYM.



View publication stats